**PAMPUBLIKONG PABATID MULA SA TAG-USIG NG ICC:**
**ANG MGA BIKTIMA NG MGA KRIMEN NA DIUMANO'Y NAGANAP SA TERITORYO NG PILIPINAS SA PAGITAN NG IKA-1 NG NOBYEMBRE 2011 AT IKA-16 NG MARSO 2019 SA KONTEKSTO NG KAMPANYANG "GIYERA LABAN SA DROGA" NG PAMAHALAAN NG PILIPINAS AY MAY HANGGANG IKA-15 NG HULYO 2021 UPANG MAGPADALA NG KANILANG MGA PANANAW SA ICC SA ANG HAYA SA PAGBUBUKAS NG IMBESTIGASYON**

Ang Haya (*The Hague*) : ika-15 ng Hunyo 2021

Sa pabatid na ito ipinapaalam ng Tagausig ng Internasyonal na Korte ng mga Kriminal (*International Criminal Court*) na si Fatou Bensouda sa mga biktima ng mga krimen, na diumano'y naganap sa Teritoryo ng Pilipinas sa pagitan ng ika-1 ng Nobyembre 2011 at ika-16 ng Marso 2019 sa konteksto ng kampanya na "giyera laban sa droga" ng Pamahalaan ng Pilipinas, na siya ay humiling ng pahintulot mula sa Kamara Bago ang Paglilitis I (*Pre-Trial Chamber I*) na buksan ang imbestigasyon sa sinasabing pagpatay at iba pang mga krimen na sapat na iniuugnay sa kampanya na "giyera laban sa droga" alinsunod sa Artikulo 15(3) ng Batas ng Roma at Alituntunin 50 ng mga Tuntunin sa Pamamaraan at Ebidensya.

Itinuturing ng Tagausig na mayroong makatuwirang batayan upang magpatuloy sa pag-iimbestiga kaugnay ng sinasabing mga krimen laban sa sangkatauhan na pagpatay, at iba pang mga krimen na sapat na naiugnay sa kampanya na "giyera laban sa droga" na naganap mula ika-1 ng Nobyembre 2011 hanggang ika-16 ng Marso 2019.

Ayon sa Artikulo 15(3) ng Batas ng Roma, "[SALINWIKA] ang mga biktima ay maaaring gumawa ng mga representasyon sa Kamara Bago ang Paglilitis, alinsunod sa mga Tuntunin sa Pamamaraan at Ebidensya". Alinsunod dito, ipinabatid ng Tagausig ang mga biktima ng mga krimen, na diumano'y naganap sa Teritoryo ng Pilipinas sa pagitan ng ika-1 ng Nobyembre 2011 at ika-16 ng Marso 2019 sa konteksto ng kampanya na

"giyera laban sa droga" ng Pamahalaan ng Pilipinas, na maaari silang magpadala ng kanilang mga pananaw at komento sa mga Hukom ng Kamara Bago ang Paglilitis I kung dapat buksan ang imbestigasyon sa sinasabing krimen na pagpatay at iba pang mga krimen na sapat na naiugnay sa kampanya na "giyera laban sa droga".

Ang kahilingan ng Tagausig para sa pahintulot na magbukas ng imbestigasyon sa Sitwasyon sa Pilipinas ay mababasa sa website ng Korte sa (https://www.icc-cpi.int/Pages/item.aspx?name=210614-prosecutor-statement-philippines). Ang mga biktima o kanilang mga kinatawan ay may hanggang **ika-15 ng Hulyo 2021** upang gumawa ng mga representasyon sa Kamara Bago ang Paglilitis sa pamamagitan ng Seksyon ng Paglahok ng mga Biktima at mga Bayad-Pinsala (*Victims Participation and Reparations Section*) ng Patalaan (*Registry*), na napapailalim sa anumang palugit sa oras na iniutos ng Kamara.

Mangyaring tandaan na ang pakikipag-ugnayan ng mga biktima sa ICC ay mahigpit na kusang-loob. Ang mga biktima ay maaaring gumawa ng kanilang mga representasyon nang nakasulat, mas mainam kung sa wikang Ingles o Pranses (mga ginagamit na wika ng ICC), gumamit man ng isang *form* ng representasyon na binuo ng Patalaan at handa nang mai-*download* bilang *PDF file* mula sa *webpage* ng ICC sa (https://www.icc-cpi.int/philippines) o gumamit ng *online form* na makukuha rin sa *website* ng ICC bilang bahagi ng impormasyon na nauugnay sa biktima sa ilalim ng *link* sa itaas. Ang mga *form* ng representasyon na hindi pa napunan at naipadala sa *online* ay dapat ipadala sa Seksyon ng Paglahok ng mga Biktima at mga Bayad-Pinsala (VPRS) sa address ng koreo sa ibaba:

International Criminal Court
Victims Participation and Reparations Section
PO Box 19519
2500 CM, The Hague
The Netherlands

Ang mga biktima ay maaari ring magpadala ng kanilang representasyon sa sumusunod na *e-mail address*: VPRS.Information@icc-cpi.int.

Dapat lamang punan ng bawat biktima/grupo ng mga biktima ang isang solong *form* — sa *online* na bersyon man o sa (kaparehong) bersyon na *PDF form* — upang gawin ang kanilang representasyon.

Bago punan ang *form* ng representasyon, dapat munang maingat na basahin ng mga biktima ang kalakip na mga tagubilin na binuo ng Patalaan, at maa-*access* din ito kasama ng *form* ng representasyon sa *website* ng ICC sa: https://www.icc-cpi.int/philippines.

Bukod dito, ang mga biktima ay hinihikayat na makipag-ugnay sa VPRS para sa anumang mga katanungan at tulong sa: VPRS.Information@icc-cpi.int.

Ang Kamara Bago ang Paglilitis ay maaaring humiling ng karagdagang impormasyon mula sa sinumang biktima na gumawa ng naturang mga representasyon at maaaring magsagawa ng isang pagdinig kung sa tingin nito ay nararapat.

Ipababatid ng Kamara sa lahat ng mga biktima na gumawa ng representasyon ang kanyang desisyon sa kahilingan ng Tagausig. Makikipag-ugnay ang VPRS sa lahat ng mga biktima na nagsumite ng mga representasyon at/o kanilang mga kinatawan upang magbigay ng kaugnay na impormasyon.

Sakaling pahintulutan ng mga Hukom ang pagbubukas ng imbestigasyon, magagawa rin ng mga biktima, sa isang hiwalay na proseso sa susunod na yugto, na mag-aplay para makilahok sa posibleng mga paglilitis sa hukuman at magkaroon ng pagkakataon na ipahayag ang kanilang mga pananaw at alalahanin. Sa konteksto ng isang kaso, ang mga biktima ay may karapatang humiling ng mga bayad-pinsala.

Ang kasalukuyang pabatid ay nakapaskil simula ngayon sa *website* ng ICC at ipinadala sa media sa buong mundo, kabilang ang media ng Pilipinas, mga awtoridad ng Pilipinas, at sa malawak na hanay ng mga NGO. Ang Patalaan ay handa nang tumanggap ng mga representasyon ng mga biktima sa pamamagitan ng mga pamamaraang nabanggit sa itaas na paiiralin sa lalong madaling panahon.